
10

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Mito mula sa Iceland (Panitikang Kanluranin)




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_Filipino10_Modyul1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikasampung Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan (Panitikang Kanluranin) – Modyul 1: Mito mula sa Iceland**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyal. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Justin Carlos G. Villanueva |
| **Editors:** | Luisito V. Libatique, Alvin D. Mangaoang |
| **Tagasuri:** | Arabella May Z. Soniega, Virgilio C. Boado, Gina A. Amoyen, Editha T. Giron, Eric Carino |
| **Tagaguhit:** | Ernesto F. Ramos Jr. |
| **Tagalapat:** | Alvin D. Mangaoang |
| **Tagapamahala:** | Tolentino G. Aquino, Atty. Donato D. Balderas Jr., Arlene A. Niro, German E. Flora, Gina A. Amoyen, Virgilio C. Boado, Editha T. Giron, Alejo R. De Sesto |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region I**
Office Address: Flores St., Catbangen, City of San Fernando, La Union
Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137
E-mail Address: region1@deped.gov.ph

# 10

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Mito mula sa Iceland (Panitikang Kanluranin)

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinaaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kaming matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




# *Alamin*

Kumusta, mahal kong mag-aaral? Ako ay nagagalak sapagkat ikaw ay makasasama ko sa panibagong paglalakbay at pag-aaral sa asignaturang Filipino! Labis akong humahanga sa ipinakita mong dedikasyon at husay sa nakaraang modyul. Inaasahan ko na ipagpapatuloy mo ito sa mga susunod pang mga aralin. Ito ay isang patunay ng iyong kasiglahan at sigasig upang matuto. Alam kong handa ka na sa susunod pang aralin, kaya ipagpatuloy mo ang iyong pagkatuto.

Para sa **Modyul 1** iyong matutuklasan ang isa na namang uri ng mitolohiya na matatagpuan sa bansang Iceland- ang mitolohiyang Norse. Isa ito sa mga kilalang mitolohiya sa buong mundo. Sa pagtatapos ng modyul na ito, lalo mo pang mabibigyang halaga ang natatanging mitolohiya ng bansang Iceland at kung paano ito naiiba at naihahalintulad sa mitolohiya ng ating bansa.

Sa araling ito, inaasahang malilinang ang mga Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC) na:

1. Nailalahad ang mga pangunahing paksa at ideya batay sa napakinggang usapan ng mga tauhan. **(F10PN-IIa-b-71);**
2. Naisasama ang salita sa iba pang salita upang makabuo ng ibang kahulugan (collocation). **(F10PT-IIa-b-71);**
3. Nakabubuo ng sistematikong panunuri sa mitolohiyang napanood. **(F10PD-IIa-b-69); at**
4. Naihahambing ang mitolohiya mula sa bansang kanluranin sa mitolohiyang Pilipino. **(F10PU-IIa-b-73).**



# *Subukin*

*Bago tayo magsimula sa ating aralin, sagutin mo muna ang paunang pagtataya upang malaman ang iyong inisyal na kaalaman sa aralin.*

**PAUNANG PAGTATAYA**

A. Panuto: Basahin at unawain mo ang diyalogo. Isulat sa iyong sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

> At nang makarating sa tahanan ni Venus si Pscyhe, agad nitong kinausap ang diyosa. “Mahal na diyosa, ako ay nagkasala sa iyo at sa inyong anak. Lahat ay gagawin ko upang mapatawad ninyo ako.” Buong pagmamakaawang wika ni Psyche. “Ako ay labis na namumuhi sa iyo, mortal! Ngunit sige, kapag nagawa mo ang aking mga ipagagawang pagsubok, patatawarin kita at baka sakaling mapatawad ka rin ng aking anak na lubhang nasaktan dahil sa iyo.”

_____ 1. Batay sa teksto, sino ang tagapagpadala o tagahatid ng mensahe sa usapan?

A. Psyche C. Diyosa
B. Venus D. Wala sa nabanggit

_____ 2. Sino ang tagatanggap sa usapan?

A. Psyche C. Diyosa
B. Venus D. Wala sa nabanggit

_____ 3. Ano ang sitwasyon sa nasabing usapan?

A. Pagpunta ni Psyche kay Venus.
B. Paghingi ng tulong ni Psyche kay Venus.
C. Paghingi ng tawad ni Psyche kay Venus.
D. Pagdalaw ni Psyche kay Venus upang makausap ang anak nito.

_____ 4. Tungkol saan ang usapan ng dalawang tauhan?

A. Paghingi ng kapatawaran ni Psyche kay Venus.
B. Pagpapakumbaba ni Psyche sa diyosa upang tulungan siya nito.
C. Pagnanais ni Psyche na makausap ang kaniyang asawa upang humingi ng kapatawaran.
D. Pagpapakita ng pagnanais ng dalaga na matanggap siya ni Venus para sa kaniyang anak.

II. Panuto: Pillin sa loob ng kahon ang angkop na salita upang mabuo ang kahulugan ng sumusunod na parirala. Gawing gabay o batayan ang mga salita o pariralang nakapaloob sa mga panaklong.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ningas | panakip | palaka | nakaw | sulong |
| pagong | patay | bukid | bisig | kilay |

__________________ 1. _____________-butas (Pamalit o pansamantala lamang)
__________________ 2. Nagsusunog ng _____________ (Masipag mag-aral)
__________________ 3. Kapit-_____________ (Pagkakaisa)
__________________ 4. _____________-bahay (Magnanakaw)
__________________ 5. _____________-tingin (Pagsulyap sa isang tao na hindi nito nalalaman)
__________________ 6. Dalagang-_____________ (Isang uri ng isda)
__________________ 7. Boses-______ (Sintunado o wala sa tono kung kumanta)
__________________ 8. __________-gutom (Palaging gutom o matakaw)
__________________ 9. Lakad-____________ (Mabagal maglakad)
__________________ 10. Urong-____________ (Nahihirapang magdesisyon)

*Mahusay! Binabati kitang muli at nagawa mo nang buong husay ang paunang pagtataya. Tiyak kong nakatulong nang malaki ang natutuhan mong kasanayan at kaalaman sa nagdaang mga aralin kaya nagawa mo nang buong husay ang paunang gawain. Sa pagpapatuloy ng ating aralin, sinisiguro kong lalawak pang lalo ang iyong kaalaman.*

# ARALIN 1.1

# MITOLOHIYA NG ICELAND

## Panitikan: Sina Thor at Loki sa Lupain ng mga Higante

Ang **Modyul 1** ay tungkol sa mitolohiya ng bansang Iceland. Ang Iceland ay matatagpuan sa Hilagang Europa. Ang mga Eskandinaba ay mga lahing *Nordic* na nagsasalita ng *Germanic Languages (Norse)*. Kabilang dito ang Sweden, Norway, Denmark, Finland, Greenland, Faroe Island. Pinaniniwalaan na ang unang mga nanirahan sa Iceland noong ika-9 na siglo ay ang mga *"Papar"* o mga *Irish monks*. Nang umalis ang mga Papar, nag-iwan ang mga ito ng mga libro na naging basehan ng mga akdang pampanitikan ng bansang Iceland. Sumunod na nanirahan ang mga *Norse* sa pangunguna ni *Naddador* at tinawag itong *"Snow land"* dahil kasalukuyang may niyebe nang sila ay dumating. Ang pangalang Iceland ay ibinigay ng sumunod na nanirahan sa isla na si *Flóki Vilgerðarson,* isang *Viking*. Pinangalanan niya itong Iceland dahil sa nakita niyang mga *iceberg* o malalaking tipak ng yelo.

Ang mitolohiyang Norse ay nagmula sa lahing Eskandinaba na nagsimula noong panahon ng mga Viking na nanirahan noon sa Iceland. Tulad ng ibang mitolohiya, hindi nailathala ng mga Viking ang kanilang mitolohiya dahil ito ay pasalitang ipinapasa sa pamamagitan ng pagkukuwento lamang kaya maraming bahagi ng mitolohiyang Norse ang hindi nabigyang linaw.

Dahil walang nakalimbag na kalipunan ng mga tula, awit at mga kuwento ng mga diyos at diyosa ang mga Viking, si Snorri Sturlurson ay lumikha ng isang akda na pinamagatang *Prose Edda* o mas kilala bilang *Edda* na siyang kinapalolooban ng mga kuwento ng mga diyos at diyosa. Ito ang nagbigay anyo sa mitolohiyang Norse. Dahil sa *Edda*, mas nakilala ng mundo ang kultura ng mga Viking at ang kanilang mga paniniwala.

Ang madalas na tema ng mitolohiyang Norse ay ang paglalakbay ng mga diyos at ang pakikipaglaban nila sa mga higante na mahigpit na kalaban ng mga diyos.

Ilan sa mga kilalang diyos ng mitolohiyang Norse ay si *Odin*, ang pinuno ng mga diyos sa *Asgard* na tahanan ng mga diyos at diyosa. Ang pinakatanyag na diyos ng mitolohiyang Norse ay si *Thor,* ang diyos ng kidlat na siya ring pinakamalakas na diyos at si *Loki*, ang mapanlinlang na diyos. Ilan lang sila sa mga diyos at diyosa ng mitolohiyang Norse na makikilala mo sa ating araling tatalakayin.

Handa ka na ba, mahal kong mag-aaral? Kung handa ka na, maaari mo nang umpisahan ang aralin at mga gawain.



## *Balikan*

*Bago ka tuluyang pumalaot sa iyong paglalakbay, subukin mo muna ang iyong sarili kaugnay sa iyong natutuhan sa nagdaang aralin.*

**Gawain 1: Isang Kahon, Isang Sagot!**
Panuto: Balikan ang akdang *Troy* mula sa Modyul 7 sa unang markahan at ibigay ang mga hinihinging impormasyon sa loob ng kahon. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

| **Troy** |
|---|
| **Mga Tauhan:** ______________________________ |
| ______________________________ |
| **Tagpuan:** ______________________________ |
| ______________________________ |
| **Paksa ng Kuwento:** ______________________________ |
| ______________________________ |
| **Aral na natutuhan:** ______________________________ |
| ______________________________ |

*Magaling! Natapos mo ang unang gawain. Binabati kita at patuloy kang lumilikha ng positibong pagganap sa mga gawain kaugnay sa ating aralin. Sa pagkakataong ito, ihanda mo na ang iyong sarili at sasamahan kita sa iyong paglalakbay sa mundo ng mitolohiyang Norse.*



## *Tuklasin*

Ang mga Scandinavian, ang lahi na pinagmulan ng mga Viking ay kilala hindi lamang sa larangan ng pakikidigma kundi sa kanilang mga kuwento tungkol sa kanilang mga diyos at diyosa. Ang mitolohiyang Norse ay isa sa mga kilalang mitolohiya sa mundo na nagmula sa pasalin-dilang kuwento ng mga matatandang Viking na siyang naging inspirasyon ni Snorri Sturlurson para ipakilala sa mundo ang natatangi nilang mitolohiya na hanggang sa kasalukuyan ay buhay at kilala saanmang sulok ng daigdig.

Tampok sa modyul na ito ang isa sa mga kuwento sa librong Prose Edda ni Snorri Sturlurson na "Sina Thor at Loki sa Lupain ng mga Higante". Aalamin mo ang kahalagahan ng pagtitiwala sa sariling kakayahan at ang kahandaan sa pagharap sa kahit anomang hamon. Inaasahan na sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay makasusuri ng isang mito batay sa elemento nito at maihahambing ito sa iba pang mito.

Basahin at unawain mo ang kuwento dahil ito ang magsisilbing batayan mo sa susunod na mga gawain.

# Sina Thor at Loki sa Lupain ng mga Higante

(ni Snorri Sturlurson)

(Muling isinalaysay ni Justin Carlos G. Villanueva)



*Iginuhit ni: Ernesto F. Ramos Jr.*

Si Thor, anak ni Odin ay nagpasiya para maglakbay patungo sa *Utgard* na matatagpuan sa *Jotunheim*, ang lupain ng mga higante na kalaban ng mga diyos. Kasama niya sa kaniyang paglalakbay si Loki at ang magkapatid na mortal na sina Thjalfi at Rosvka. Sa kanilang paglalakbay ay nakilala nila ang isang higanteng si Skrymir. "Hindi ba't ikaw si Thor? Sadyang ikaw ay kilala at kinatatakutan sa lupaing ito dahil sa iyong angking lakas. Ikagagalak ko na samahan ka sa iyong paglalakbay." "Ngunit ako ay hindi basta-basta nagtitiwala lalo na sa isang higante" pag-aalinlangang sagot ni Thor. "Huwag kang mag-alala, wala akong gagawing masama, nais ko lamang kayong gabayan patungo sa inyong pupuntahan. Saan ba kayo pupunta?" "Sa kaharian ni Utgard-Loki" sagot ni Thor. "Kapag ako ay isinama niyo, tutulungan ko kayo upang makarating kayo roon nang mabilis." "Kung talagang nais mo kaming samahan, sige ako ay papayag na," wika ni Thor. Inilagay ni Skrymir ang kanilang mga gamit at pagkain sa loob ng kaniyang sisidlan at itinali ito. Sa layo ng nilakbay nila ay napagod sila kaya minabuting magpahinga muna at ituloy ang paglalakbay kinabukasan.

Hindi makatulog si Thor dahil sa lakas ng paghilik ng higante. Dala ng gutom at pagod, sinubukang buksan ni Thor ang sisidlan ngunit hindi niya ito mabuksan. Nagalit si Thor kaya tatlong beses niyang pinalo nang malakas sa ulo si Skrymir gamit ang kaniyang maso na *mjolnir* ngunit sa tuwing nagigising ang higante ay inaakala nitong siya ay nahuhulugan lamang ng ensina at dahon sa ulo.

Kinabukasan, nang magising sila ay nagpaalam na si Skrymir sa kanila. "Sa ilang sandali na lang ay mararating na ninyo ang kaharian ni *Utgard-Loki* ngunit huwag na huwag kayong magpapakita ng pagmamalaki sa kaniya." Habilin ng higante sa grupo nina Thor at sila ay nagpatuloy na sa paglalakbay. Sa wakas ay narating nila ang malaking kaharian ng *Utgard*. Bumungad sa kanila ang isang napakahabang bulwagan at sa dulong bahagi ay nakaupo sa malaking trono ang hari na si *Utgard-Loki*. Agad niyang nakilala si Thor. "Ikaw ay malakas kaysa tingin ko lamang. Anong kakayahan na mahusay kayo?" wika nito.

Upang patunayan na sila ay mahusay sa kanilang mga angking kakayahan, hinamon niya ang mga ito. Bawat isa sa kanila ay nagsabi ng kanilang kakayahan. Sumagot si Loki.

"Ako ang pinakamabilis kumain sa buong mundo at walang sinoman ang mas mabilis pa kaysa sa akin." "Kung gayon, aking itatapat sa iyo ang aking alagad na pinakamabilis kumain sa aking kaharian." Tinawag ni Utgard-Loki ang kaniyang alagad na si Logi. Pumuwesto ang dalawa sa magkabilang dulo ng isang mahabang lamesa at pinuno ito ng mga karne. Mabilis na kinain ni Loki ang karne at buto na lamang ang natira ngunit nang sila ay nagtagpo sa gitnang bahagi ng lamesa laking gulat ni Loki na walang natira ni kahit na isang buto at maging ang lamesa ay kinain ni Logi. Malinaw na si Logi ang nanalo sa paligsahan.

Sumunod naman si Thjalfi. “Nais kong subukan ang aking angking bilis sa pagtakbo. Ako ang pinakamabilis tumakbo sa mga mortal.” “Kung gayon, aking itatapat ang pinakamabilis tumakbo sa aking kaharian.” wika ni Utgard-Loki.

Tinawag ni Utgard-Loki si Hugi. Sa unang laban, malayo ang naging agwat ni Hugi kay Thjalfi. Sa ikalawang beses ay nadikitan nito si Hugi. Naulit ito nang tatlong beses ngunit hindi talaga maabutan ni Thjalfi si Hugi dahil mas mabilis talaga ito kaysa sa kaniya. “Labis akong bumilib sa iyong ipinamalas na galing! Ngayon lang ako nakakita ng isang mortal na mabilis tumakbo.” Magkasunod na natalo ang mga kasamahan ni Thor.

“Ako naman ang iyong subukin! Wala nang mas gagaling pa sa akin sa larangan ng pag-inom!” buong pagmamalaking hamon ni Thor sa hari ng mga higante. “Mukhang ikaw nga ay sadyang mahusay Thor, kaya nais kong inumin mo ang laman ng tambuling ito. Ang aking mga alagad ay kayang-kayang lagukin ito nang dalawa hanggang tatlong lagukan at ito ay nauubos nila ngunit alam kong kakayanin mo ito dahil nga tulad ng iyong sinabi ikaw ay sadyang magaling.” Ipinakuha ni Utgard-Loki ang isang tambuli na naglalaman ng alak na gawa sa tubig at pulot (*mead)*. Sa unang lagok ni Thor tila ba walang nababawas sa laman ng tambuli. Ganito rin ang nangyari sa ikalawa at ikatlong lagok ngunit kaunti pa rin ang nabawas sa laman ng tambuli.

“Thor, mukhang hindi ka kasinlakas tulad ng inaasahan ko” wika ng pinuno ng mga higante. Nagdilim ang paningin ni Thor sa sinabi ng pinuno ng mga higante. “Ako ay galit na! Ipapakita ko sa inyo kung gaano ako kalakas!” “Kung gayon, ipagagawa ko sa iyo ang isang madaling pagsubok. Paboritong libangan ng mga bata sa aking kaharian ang pagbubuhat sa aking alagang pusa. Hinahamon kitang buhatin mo ang aking alaga. Alam kong kakayanin mo ito dahil sadyang ikaw ay may pambihirang lakas.” Wika ng higante kay Thor. Binuhat ni Thor ang pusa nang buong lakas ngunit umarko lamang ito at ang tanging naiangat lamang niya ay ang paa nito.

“Ako ay galit na, hinahamon ko ang kahit na sino sa inyo na makipagbuno sa akin!” pasigaw na wika ni Thor. “Kung gayon, iyong kalalabanin ang aking matandang katulong sa larangan ng *wrestling.*” “Ako ba ay iniinsulto mo? Hindi mo ba naisip ang maaaring mangyari sa iyong matandang katulong? Kung ikaw ay disidido sa iyong hamon, hindi ako magdadalawang-isip na ibuhos ang aking buong lakas!” Buong-buo ang kompiyansa ni Thor na kakayanin niya ang pagsubok dahil siya ang pinakamalakas na diyos sa lahat.

Tinawag ni Utgard-Loki ang matandang katulong na si Elli. Kahit na ang babae ay mukhang mahina ay hindi siya nagawang pigilan ni Thor sa larangan ng pakikipagbuno. Buong lakas na nagpumiglas si Thor ngunit siya ay nanghina at napaluhod sa isang tuhod. Di-hamak na malakas ang matanda kaysa kay Thor kaya siya ay natalo.

Ang tatlo ay nakahanda nang umalis, bigo at mapagkumbaba ngunit bago sila paalisin ng hari ay sinabi niya na wala sa kastilyo ang lahat ng pangyayari. Ang lahat ay mga ilusyon lamang na kagagawan ni Utgard-Loki. Si Loki ay natalo sa paligsahan sa pagkain dahil ang kaniyang kalaban ay isang mapaminsalang apoy na kayang sunugin ang kakahuyan. Ang kinalaban naman ni Thjalfi ay ang isipan at walang kahit na anong aksyon ang mas bibilis pa kaysa sa kanyang isip. Si Elli na kinalaban ni Thor ay sumasagisag sa pagtanda na nagpapahina sa kahit na sino pa man. Ang tambuli na siyang ininuman ni Thor ay nakadugtong sa dagat kaya hindi niya ito nagawang maubos ngunit namangha pa rin ang hari dahil halos nasaid ang dagat dahil sa ginawang pag-inom ni Thor. Ang pusa na binuhat ni Thor ay hindi pusa kundi isang malaking ahas na *miogaro* na sapat ang haba para yakapin ang daigdig. “Naiangat mo ito nang mataas na halos maabot na ang langit.”

Si Skrymir ay si Utgard-Loki rin mismo dahil siya ay may kakayahang magbago ng anyo. Sa bawat hampas ni Thor sa kaniyang ulo ay may nabubuong lambak. "Ngayong alam na ninyo ang aking sikreto, huwag na huwag na kayong babalik. Dahil sa ipinakita mong lakas at galing, hinding-hindi ko na ulit gugustuhing makalaban ka. Ito na ang huling pagkakataon nating pagkikita. Dama ang takot sa boses ng hari habang sinasabi ito. Dahil sa mga nasaksihan ni Utgard-Loki ay natakot siya kaya bigla na lamang siyang naglaho at sa tulong ng kaniyang mahika, sinigurado niyang hindi na muli pang makabalik si Thor sa kaniyang kaharian. Sa isang iglap, naglaho si Utgard-Loki kasama ang kaniyang buong kaharian at ang tumambad sa kanila ay isang malawak na lambak.

**Maaaring panoorin sa link na ito:**
**https://www.youtube.com/watch?v=gm3SXPap1U4**

*Matapos mong mabasa ang akda, marahil nagkaroon ka na ng pag-unawa sa mitolohiyang Norse. Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Kung oo, maaari mo nang sagutin ang mga gawaing nakahanda para sa iyo. Kung hindi naman, maaari mong uliting basahin ang akda para mas maunawaan ito.*

**Gawain 2: Pag-unawa sa Binasa**

Panuto: Suriin mo ang mga mahahalagang pangyayari sa akdang Sina Thor at Loki sa Lupain ng mga Higante sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang ikinagalit ni Thor kay Skrymir?
2. Ano ang nangyayari kay Skrymir kapag hinahampas siya ni Thor ng kanyang maso? Isalaysay ang mga paligsahang nilahukan nina Thor sa kaharian ni Utgard-Loki?
3. Ano ang ipinagtapat ni Utgard-Loki kina Thor bago sila umalis sa Utgard?
4. Ano ang hindi magandang katangiang ipinakita ni Utgard-Loki sa kanilang pag-uusap ni Thor nang natapos ang mga patimpalak? Patunayan.
5. Batay sa salaysay tungkol kay Thor, ano ang ipinakita niyang kahinaan? Ipaliwanag.

**Gawain 3: Opinyon ko, mahalaga!**

Panuto: Ipahayag ang iyong saloobin o ideya sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Kung ikaw si Thor, ano ang mararamdaman mo kapag malaman mong ikaw ay dinaya ng ibang tao?
2. Sino sa mga tauhan sa mito ang labis mong hinahangaan? Anong katangian niya ang nagustuhan mo?
3. Sa iyong paniniwala, ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kahusayan sa isang kasanayan o larangan? Ipaliwanag ang sagot.
4. Ano-ano ang naging kahinaan ni Thor sa kuwento na dapat iwasan sa totoong buhay? Pangatuwiranan.
5. Anong mensahe ng binasang mito ang natutuhan mo?

**Gawain 4: Diyalogo-kahulugan!**

Panuto: Sumipi ng dalawang diyalogo mula sa binasang mitolohiya at tukuyin ang pangunahing ideya ng mga ito.

Diyalogo 1: ______________________________________________________________
Pangunahing Ideya: _________________________________________________________

Diyalogo 2: ____________________________________________________________
Pangunahing Ideya: ______________________________________________________

**Alam mo bang…**

Para matukoy ang **pangunahing ideya o paksa** ng isang usapan sa pagitan ng dalawang tao, mahalagang matukoy ang tagapagpadala at tagatanggap ng mensahe. Bukod dito, mahalagang malaman ang sitwasyong pinag-uusapan ng dalawang tauhan.

***<u>Halimbawa:</u>***

| |
|---|
| *"Ako ang pinakamabilis kumain sa buong mundo at walang sinoman ang mas mabilis pa kaysa sa akin." "Kung gayon, aking itatapat sa iyo ang aking alagad na pinakamabilis kumain sa aking kaharian." Tinawag ni Utgard-Loki ang kaniyang alagad na si Logi.* |

Pansining mabuti na may dalawang pangungusap na nagpakita ng diyalogo mula sa dalawang tauhan o nag-uusap. Mahalagang matukoy ang tagapagpadala ng mensahe at tagatanggap sa usapan. Mahalaga ito upang malaman ang pangunahing paksa ng usapan.

- Tagapagpadala-Loki
- Tagatanggap-Utgard-Loki

Ngayon, bigyang pansin ang bagay o pangyayari na pinag-uusapan ng dalawang tauhan. Suriing mabuti ang diyalogo ni Loki at Utgard-Loki. Si Loki ay naglahad ng kaniyang kakayahan na bilis sa pagkain at ito ay tinugunan ni Utgard-Loki ng pagtawag ng kaniyang alagad na may kaparehong kakayahan gaya ng kay Loki.

Samakatuwid, ang pangunahing ideya ng usapan ng dalawang tauhan ay kung sino ang mas mabilis sa larangan ng pagkain.

**Gawain 5: Pangunahing Ideya, Tukuyin mo!**

Panuto: Panoorin ang video na matatagpuan sa link na https://www.youtube.com/watch?v=_bk7OQXq6PY. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na mga katanungan sa iyong sagutang papel.

1. Sino ang tagapagdala ng mensahe sa napiling diyalogo?
2. Sino ang tagatanggap ng mensahe?
3. Ano ang sitwasyon sa usapan ng dalawang tauhan?
4. Ano ang mensahe ng usapan ng dalawang tauhan? Ipaliwanag ang kasagutan.

**Alam mo bang…**

Ang ***collocation o kolokasyon*** ay ang pagsasama ng dalawang magkaibang salita upang makabuo ng bagong salita na may ibang kahulugan.

Halimbawa: anak + araw = anak-araw (maputi ang balat)
tainga + kawali = taingang-kawali (nagbibingi-bingihan)
puso + mamon = pusong mamon (busilak ang kalooban)
nagdilim + paningin = nagdilim ang paningin (nagalit)

Halimbawang pangungusap: <u>Nagdilim ang paningin</u> ni Thor sa sinabi ng pinuno ng mga higante.

**Gawain 6: Paglinang ng Talasalitaan**

Panuto: Dugtungan ng isang salita ang punong salita upang makabuo ng bagong salita. Ibigay ang kahulugan ng nabuong bagong salita at gamitin ito sa pangungusap. Sagutin ito sa iyong sagutang papel.

*Halimbawa: Tubig. Bagong salita: Tubig-alat =dagat/ karagatan.*

1. Kuwento + ______________________________

   Kahulugan: ______________________________

   Pangungusap: ______________________________

2. Mata + ______________________________

   Kahulugan: ______________________________

   Pangungusap: ______________________________

3. Balat + ______________________________


   Kahulugan: ______________________________

   Pangungusap: ______________________________

4. Bantay + ______________________________

   Kahulugan: ______________________________

   Pangungusap: ______________________________



## *Suriin*

*Sa pagpapatuloy mo, mas makikilala mo pa ang katangian ng mitolohiyang Norse. Matutuklasan mo rin ang mga elemento na bumubuo sa isang mitolohiya at kung paano mo ito susuriin. Inaasahang masasagot mo ang pokus na tanong na – bakit mahalaga ang panunuri upang magkaroon ng malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa mitolohiya?*

***Alam mo bang...***

Ang **Mitolohiya** ay isang tradisyonal na salaysay na isinilang mula sa sinapupunan ng kultura ng tradisyong oral? Ang mitolohiya ay isang natatanging kuwento na kadalasang tumatalakay sa kultura, sa mga diyos o bathala at ang kanilang karanasan sa pakikisalamuha sa mga tao. Maaaring nagsimula ang mitolohiya mula nang magtanong ang mga tao tungkol sa pagkakalikha ng mundo at ano ang kanilang tungkulin dito. Mahalaga ang mitolohiya dahil nakapaloob dito ang mga sinaunang paniniwalang panrelihiyon at kultura ng isang bansa at kapupulutan din ito ng aral. Ang mga ito ay maaaring iugnay sa pagtukoy sa pangunahing ideya o paksa ng usapan sa isang akdang pampanitikan.

**Panunuri ng Mitolohiya**

Ang **pagsusuri** ay isang kasanayan na siyang nagbibigay-buhay at diwa sa isang likhang sining. Sa panunuri ng isang akdang pampanitikan, naipakikita ang pagpapahalaga at pagbibigay puri sa akda at pamumuna sa kahinaan nito. Sa pamamagitan ng panunuri, lumilitaw ang mga mensahe na hindi gaanong lantad sa akda na siyang makatutulong sa mga mambabasa upang mas maunawaan ang akda, at mas mabigyang pagpapahalaga ang kultura ng lugar kung saan ito nagmula.

Kinakailangang maging patas sa panunuri upang mas lumitaw ang bisa, kagandahan, at kahinaan ng isang akda na siyang magiging tulay sa mas malawak at komprehensibong pag-unawa sa nilalaman ng isang akdang pampanitikan.

**Mga Dapat Tandaan sa Panunuri ng Mitolohiya**

Upang maging sistematiko ang panunuri ng isang mitolohiya, kinakailangang bigyang puna ang mga elemento ng mitolohiya batay sa kahinaan at kalakasan nito. Mahalagang naunawaan mo ang iyong binasa upang ikaw ay makasuri. Mainam din ang paghahambing nito sa iba pang mitolohiya upang mas mapalabas ang mensahe ng akda at ang kultura ng lugar na pinagmulan nito.

**A. Tauhan**

- Ang mga tauhan sa mitolohiya ay kadalasang mga diyos at diyosa na kinikilala at sinasamba ng mga tao dahil sa taglay na kakaibang lakas at kapangyarihan.
- Suriin ang pangunahing tauhan batay sa kaniyang pisikal na anyo, ugali, paraan ng pananalita, at kung paano siya nakisalamuha sa iba pang mga tauhan sa kuwento.
- Maaaring gawing batayan ang mga diyalogo ng mga tauhan upang malaman ang pangunahing ideya o paksa na nais iparating ng tauhan sa akda. Makatutulong din ang mga linya o diyalogo upang mapalabas ang damdamin ng tauhang nagsasalita sa susuriing akda.
- Bigyang pansin din ang tungkuling ginampanan ng tauhan sa kabuoan ng kuwento.
- Bigyang-puna ang mga naging kalakasan at kahinaan ng tauhan na nakaapekto sa kaniyang suliranin sa kuwento.
- Tandaan: Ang ganda at bisa ng isang akda ay nakasalalay sa paglalarawan at pagbibigay-buhay sa mga karakter ng kuwento kaya naman mahalagang maunawaan ang mga ikinilos at ginampanan ng tauhan upang mas maunawaan ang mensahe ng akda.

**B. Tagpuan**

- Mahalagang maunawaan mo ang ginampanan ng tagpuan na nakaapekto sa kalagayan ng tauhan sa kuwento.
- Ilarawan ang lugar batay sa pisikal na anyo nito, mga kilos at gawi ng mga tao o nilalang na naninirahan dito. (Mahalaga na may kaalaman ka sa kultura ng mga taong naninirahan sa bansang pinagmulan ng binasang akda dahil may kaugnayan ito sa tagpuan ng kuwentong binasa).
- Bigyang-puna ang kasiningan ng paglalarawan ng may-akda sa tagpuan.

**C. Banghay**

- Alamin kung ano ang mga naging tuon ng mga pangyayari sa akda. Tukuyin ang pangunahing suliranin na siyang dinanas ng tauhan sa mitolohiya.
- Suriin ito na may pagpapaliwanag sa naging kahalagahan ng pagkakaayos ng mga pangyayari sa kuwento. Naging malinaw ba ito?

- Bigyang puna kung paano sinimulan at winakasan ang mitolohiya. Mas mainam kung ipaliliwanag ang mga natatanging mga pangyayari sa kuwento batay sa bisa at kahalagahan nito at kung paano ito maaaring maihambing sa totoong buhay.

**D. Tema**

- Suriin kung ano ang tema ng binasang mitolohiya batay sa naging tuon nito.
- Bigyang paliwanag ang mga aral ng kuwento, maging ang mga hindi kanais-nais na mga pag-uugali ng mga tauhan upang makatulong sa mas malalim na pagpapakahulugan sa mitolohiya.
- Mainam na magbigay repleksyon sa bisa at kahalagahan ng mensahe at aral ng akda sa kung paano ito nakaapekto sa iyong sarili at lipunan.

Narito ang halimbawang pormat sa paggawa ng isang panunuri o suring-basa:

Sina Thor at Loki sa Lupain ng mga Higante
(Isang Panunuri)

**I. Tauhan**

a. Thor-Anak ni Odin. Ang pangunahing tauhan sa akda. Batay sa kuwento, siya ang pinakamalakas na diyos. Isa sa kaniyang katangian ay ang pagiging magagalitin. Matipuno ang kaniyang pangangatawan.
b. Loki-Ang diyos na mapanlinlang. Siya ay may angking galing sa pabilisan ng pagkain. Isa siyang mapagmamataas na tauhan sa kuwento.
c. Thjalfi-Isang mortal na naging alagad ni Thor. Taglay niya ang husay at bilis sa pagtakbo.
d. Utgard-Loki-Ang hari ng mga higante na may taglay na mahika na kayang lumikha ng mga ilusyon.
e. Skrymir-Isang higante na tumulong sa grupo nina Thor na siya ring balat-kayo ni Utgard-Loki.

Ipinakita sa kuwento ang katangian ng mga Viking sa pamamagitan ni Thor. Taglay ni Thor ang pagiging matapang at pagiging palaban ng mga Viking. Kung ihahambing ang tauhang si Thor sa ibang mitolohiya, tulad ng mitolohiya ng bansang Greece, napakatipikal na ang tema o ang mga tauhan ay nagtataglay ng kakaibang lakas at husay. Malaki ang ginampanan ng tauhang si Thor sa akda dahil bukod sa kaniya umikot halos ang buong kuwento, nagkaroon tayo ng ideya kung ano ang kultura ng mga Eskandinaba o Vikings noong unang panahon.

**II. Tagpuan**

Bago magpunta sina Thor sa kaharian ni Utgard-Loki, siya muna ay dumaan at nanuluyan sa tahanan nina Thjalfi. Ipinakikita lang nito ang paggalang at takot ng mga sinaunang tao sa mga pinaniniwalaan nilang diyos at diyosa. Kung ihahambing ito sa mga mitolohiya sa buong daigdig, kadalasang naipakikita ang debosyon at pagkatakot ng mga mortal sa mga diyos at diyosa bilang paggalang sa kanila. Sa kaharian naman ni Utgard-Loki, mas naipakita ang pagiging palaban ng mga Viking sa anomang mga laban. Sinalamin ng mga diyos at ng mga paligsahan ang katangian ng mga Viking. Nakatulong ang

tagpuan ng kuwento upang palitawin ang natatanging katangian ng mga taga-Iceland.

**III. Banghay**

Maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento. Malinaw ang pagkakalahad ng mga pangyayari at malaki ang tulong ng mga diyalogo sa kuwento upang mas maunawaan ang paksa. Tahasang naipakita ng mitolohiya ang pagiging palaban ng mga diyos ng Norse. Kung ihahambing ito sa ibang mitolohiya, may pagkakatulad ito sa kuwento ni Hercules sa mitolohiyang Greece na kung saan dumanas ng mga pagsubok at hamon ang tauhan na kalaunan ay naglalaman pala ng mga pandaraya. Ang kaibahan nga lamang, naipakita sa mitolohiyang Norse na maging ang mga diyos ay naiisahan din ng kanilang mga katunggali. Malinaw na nailahad ang suliranin ng mitolohiya sa tulong ng maayos na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.

**IV. Tema**


Ipinamalas ng mitolohiya ang natatanging ugali na dapat iwasan nating mga tao. Una ay ang pagiging mapusok at emosyonal tuwing tayo ay nagagalit na siyang nagiging dahilan upang maging padalos-dalos sa ating mga desisyon. Pangalawa ay ang pagiging mapagmalaki natin sa ating angking mga talento. Madalas, masyadong lumalaki ang ating mga ulo dahil na rin sa mga papuri na natatanggap natin mula sa ibang tao. At panghuli, ipinakita ng kuwento ang pagiging mapanlinlang at mapanlamang ng mga tao. Ipinakita sa katauhan ni Utgard-Loki ang tipikal na tao na upang magtagumpay, gumagawa ng mga paraan upang hindi magtagumpay ang kaniyang kapwa. Nais tayong turuan ng mitolohiya na magtiwala sa ating sariling mga kakayahan. Tulad na lamang ni Hercules sa mitolohiyang Greece. Ipinamalas niya ang kaniyang lakas at ang pagiging matatag sa lahat ng pagsubok. Higit sa lahat, nagtiwala siya sa kaniyang sariling kakayahan. Sabi nga sa kasabihan na ang kapatid ng magnanakaw ay ang mandaraya dahil nagagawa nating hilahin pababa ang isang tao.

**V. Konklusyon**

Sa kabuuan, masasabi kong mahalaga ang mitolohiya upang hubugin ang ugali ng isang indibidwal. Bagama't sa kasalukuyan, hindi na tayo gaanong naniniwala sa mga diyos at diyosa, malaki ang naiaambag ng pagbabasa ng mga mito upang mahubog ang kagandahang-asal ng isang indibidwal. Kapana-panabik din ang tagpo at bukod pa rito, maaaring maiugnay ang ilang mahahalagang mga kaganapan mula sa mito sa totoong buhay. Kaya, mahalagang pag-aralan ang mitolohiya upang di lamang matuto sa kultura ng ilang bansa kundi mahuhubog ang wastong pag-uugali ng isang indibidwal.

Kung susuriin ang isang mitolohiya mula sa isang pelikula o *video clip* na iyong napanood, mahalagang masuri ito batay sa mga sumusunod na impormasyon:

- Linaw o *quality* ng *video*.
- Malinaw at nauunawaan ang diyalogo o pagsasalaysay ng mga gumanap na tauhan o pagsasalaysay.
- Tingnan kung may mga tagpo sa *video* na wala sa orihinal na akda.
- Bigyang puna kung nabago ba ang mensahe ng orihinal na akda kaya siguraduhing nabasa at naunawaan ang akda bago ito panoorin.



## *Pagyamanin*

*Basahin mo ang mitolohiyang Pilipino na pinamagatang, Rihawani. Sikapin mong ihambing ito sa mitolohiyang Norse. Inaasahan na sa pagtatapos ng modyul na ito ikaw ay makagagawa ng isang sistematikong panunuring naghahambing sa mitolohiyang Pilipino at mitolohiyang Norse.*

# Rihawani

Sa isang kagubatang maraming bundok sa isang lugar ng Marugbu, isang liblib na pook, ang mga naninirahan doon ay may pinaniniwalaang isang diyosa o diwata ng puting usa. Ito ang kuwento ng kanilang mga ninuno na unang nanirahan doon.

Ang Diyos daw na ito ay tinatawag na Rihawani. Kung minsan ay nagpapalit daw ito ng anyo bilang isa ring puting usa. Ang mga naninirahan sa liblib na pook na ito ay ingat na ingat at takot na takot na magawi o maglagalag sa kagubatang pinananahanan ni Rihawani, kahit alam nilang dito sila maraming makukuhang mga bagay na maaari nilang magamit o mapagkakitaan tulad ng mga prutas, mga hayop-gubat, mga halamang- gubat, at iba pa.



Iginuhit ni: Ernesto F. Ramos Jr.

Ayon sa kanila, may nakakita na kay Rihawani. Isa sa mga taong naninirahan din doon. Minsan daw, nang maligaw ito sa pangunguha ng mga kahoy at prutas ay napadako ito sa pook ni Rihawani. Kahit sa malayo ay kapansin-pansin ang angking kagandahan nito, habang nakikipag-usap sa ilang mga usang puti na nasa kaniyang paligid.

Nang maglakad ang mga ito sa dakong patungo sa kinaroroonan ng mga tao ay mabilis na humangos itong tumalilis dahil sa takot na makita siya ni Rihawani, ang diyosa. Nang makarating ito sa bahay ay hindi magkumahog sa pagbabalita sa kaniyang nasaksihan. Mula noon ay lalo nang naging katatakutan ang kagubatang iyon.

Isang araw ay may mga dayuhang dumating doon na ang pakay ay mangaso o mamaril ng hayop-gubat. Nagtanong-tanong daw ang mga ito kung saang gubat marami ang mga hayop o ibon na maaaring puntahan. Itinuro nila ang gubat ngunit isinalaysay din ang kasaysayan nito na pinanahanan ni Rihawani. Itinagubilin ding huwag ibiging puntahan ang pook na iyon. Para sa ikatitiyak ng lakad ay pinasamahan ng mga ito ng isang tagagabay. At lumisan ang mga ito patungo sa gubat na pupuntahan. Pagdating sa paanan ng isang bundok ay napagkasunduan ng mga itong maghiwa- hiwalay at magkita-kita na lamang sa isang lugar sa dakong hapon. Ngunit lingid sa kaalaman ng lahat, ang isa ay

nagkainteres na dumako sa gubat na pinananahanan ni Rihawani. Hindi nito pinakinggan ang tagubilin ng nakatatanda sa lugar na iyon. Nang makasapit na ito sa dakong itaas ng bundok ay naglalakad-lakad naman at sumipat ng mababaril na hayop. Naisip nito ang puting usa na sinasabi ng matanda. Nang mapadako ito sa tabing-ilang, napansin niya ang isang pangkat ng mapuputing usa. Nang maramdaman ng mga hayop na may tao, nabulabog ang mga ito at nagtakbuhang papalayo. Hinabol nito ang isa at tinangkang barilin, ngunit walang matiyempuhan. Hanggang sa may makita ito sa dakong kadawagan ng gubat, agad inasinta at binaril. Tinamaan ang puting usa sa binti at hindi na nakatakbo. At nang lalapitan ng mangangaso ang puting usa, may biglang sumulpot sa likuran na isang puting-puting usa na malayo sa hitsura ng nabaril. Lalo siyang namangha nang ang usa ay mag-iba ng anyo at naging isang napakagandang babae. Sinumbatan nito ang mangangaso. Sa ginawang iyon ng dayuhan, umusal ng sumpa ang diwata at ang lalaki ay naging isang puting usa at mapabilang na sa mga alagad ni Rihawani.


Nang dakong hapon na, hinanap ito ng mga kasamahan. Tinawag nang tinawag ang pangalan nito ngunit walang sumasagot. Napaghinuha na lamang ng lahat lalo na ng kasamang gabay na sinuway nito marahil ang tagubilin, tuloy nabilang sa sumpa ni Rihawani. Mula noon, bukod sa naging aral na sa mga nandoon ang pangyayaring iyon, ay pinangilagan na ng mga mangangaso ang dakong iyon ng kagubatan.

**- Mula sa Panitikang Filipino (Pampanahong Elektroniko), (Arrogante et. al, 1991)**

*Matapos mong basahin ang akda, sagutin mo ang mga sumusunod na mga gawain.*

**Gawain 7: Pag-unawa sa Binasa**

1. Sa pamamagitan ng *Venn diagram* paghambingin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mitolohiyang Norse sa mitolohiyang Pilipino.




2. Batay sa binasang mito na "Rihawani", Kumpletuhin ang hinihingi ng talahanayan sa ibaba.

| Tauhan | Tagpuan | Banghay | Tema |
|---|---|---|---|

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | |




## *Isaisip*

*Lahat tayo ay may angking galing at kahusayan sa iba't ibang larangan. Mahalaga na gamitin nang tama ang mga taglay na kahusayan upang higit mong mapalago ang iyong sarili at upang makatulong sa ibang tao. Huwag maiinggit at ikokompara ang sarili sa iba dahil lahat tayo ay magkakaiba. Iwasan ang pandaraya kung higit na magaling sa iyo ang isang tao, bagkus, mahalin ang sarili at ipagmalaki ang sariling kakayahan.*

*Batid kong naunawaan mo ang mensahe ng binasang mito. Upang mas mabigyan mo ito ng pagpapahalaga, gawin mo ang kasunod na gawain.*

**Gawain 8: Nalaman Ko!**

Panuto: Alam kong naunawaan mo ang ating aralin. Ano-ano ang mga bagong kaalamang iyong nabatid? Ibigay ito sa pamamagitan ng pagdurugtong sa pahayag sa loob ng kahon Kopyahin ito sa sagutang papel.





*Napakahusay! Nagawa mo ang gawain. Sa pagkakataong ito batid kong ikaw ay handang-handa na para sa gagawin mong pangwakas na gawain para sa modyul na ito. Sa ipinamalas mong kahusayan sa mga gawain, tiyak kong kakayanin mo ito mahal kong mag-aaral!*



# Isagawa

*Upang matiyak mo kung talagang naintindihan ang araling ating tinalakay sa mga nagdaang araw tungkol sa mitolohiya, gawin mo ito. Gawin mong batayan sa iyong gagawing panunuri ang pormat sa Aralin 1.1 Suriin.*

| | |
|---|---|
| ***Goal*** | Ikaw ay makasusulat ng isang suring-basa ng nasaliksik na mitong Pilipino at ihambing mo ito sa mitolohiyang Norse. Paghahambingin at suriin mo ito batay sa mga elemento nito. Gamitin mong gabay ang pormat ng panunuri sa pahina |
| ***Role*** | Ikaw ay magiging isang manunulat at manunuri. |
| ***Audience*** | Guro, mga kapwa mag-aaral. |
| ***Situation*** | Ipagpalagay na ikaw ay nasa isang paaralan at naatasan kang suriin ang isang mitolohiyang Pilipino batay sa elemento nito. |
| ***Product*** | Sariling-gawang suring basa ng nasaliksik na mitolohiyang Filipino. |
| ***Standards*** | A. Malinaw na nilalaman............................................ 40 puntos<br>B. Estruktura ng pagkakasulat<br>at paggamit ng salitang naghahambing.......................... 40 puntos<br>C. Dating sa mambabasa............................................ 20 puntos<br>Kabuoan...............................................................100 puntos |



# Tayahin

*Mahusay! Binabati kita dahil nakaabot ka na sa bahaging ito. Tiyak marami kang natutuhan sa iba't ibang mga aralin sa Modyul na ito. Ngayon, ating tatayahin ang iyong kaalaman sa nakalipas na aralin.*

**PANGWAKAS NA PAGTATAYA**

A. Panuto: Basahin at unawain mo ang sumusunod na katanungan. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

_____ 1. Si Thor ang pinakatanyag na diyos ng mitolohiyang Norse. Ano ang tawag sa kaniyang sandatang maso?

A. Excalibur      C. Mjolnir
B. Frejlord      D. Vili

_____ 2. Alin sa mga sumusunod ang HINDI katangian ng banghay ng isang mitolohiya?

A. Tumatalakay sa pagkalikha ng mundo.
B. Ipinakikita ang ugnayan ng mga tao at ng mga diyos at diyosa.
C. Salat sa aksyon at tunggalian dahil nakatuon lamang ito sa iisang tauhan.
D. Nakatuon sa mga suliranin at kung paano ito malulutas.

_____ 3. Ano ang tawag sa lugar kung saan nakatira ang mga diyos ng mitolohiyang Norse?

A. Asgard C. Ragnarok
B. Jotunheim D. Ygdrassil

_____ 4. Ano-ano ang mga naging paligsahan na pinaglabanan nina Thor sa kaharian ni Utgard-Loki?

A. Pabilisan sa pagkain, sa pagtakbo, paramihan ng maiinom na alak.
B. Pabilisan sa paglangoy, sa pagputol ng malaking puno, pagpapaamo sa mabangis na tigre.
C. Pagpapatulog sa alagang pusa, paggawa ng kastilyo, pagbuhat sa malaking bato.
D. Pagalingan sa pagkanta, patalasan ng isip, pagkumpuni sa nasirang damit ni Utgard-Loki.

_____ 5. Bakit hindi nagtagumpay sa mga pagsubok ni Utgard-Loki sina Thor?

A. Dahil lubhang napakahirap ang mga pagsubok na inihanda ni Utgard-Loki.
B. Dahil sa pagiging mainitin ng ulo ni Thor kaya siya nagkamali sa mga pagsubok.
C. Gumamit ng mahika si Utgard-Loki upang mandaya dahil batid niyang malakas na kalaban si Thor.
D. Pinagkaisahan si Thor at ang kaniyang mga kasamahan ng mga alagad ni Utgard-Loki upang di sila manalo.

B. Panuto: Pillin sa loob ng kahon ang angkop na salita upang mabuo ang kahulugan ng sumusunod na parirala. Gawing gabay o batayan ang mga salita o pariralang nakapaloob sa mga panaklong.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| bukid | panakip | kilay | nakaw | patay |
| pagong | sulong | akyat | bisig | palaka |

_________________ 1. __________-gutom (Palaging gutom o matakaw)
_________________ 2. Nagsusunog ng _____________ (Masipag mag-aral)
_________________ 3. Kapit-______________ (Pagkakaisa)
_________________ 4. Urong-____________ (Nahihirapang magdesisyon)
_________________ 5. _____________-bahay (Magnanakaw)
_________________ 6. Dalagang-______________ (Isang uri ng isda)
_________________ 7. Boses-______ (Sintunado o wala sa tono kung kumanta)
_________________ 8. ______________-butas (Pamalit o pansamantala lamang)
_________________ 9. Lakad-____________ (Mabagal maglakad)
_________________ 10. _____________-tingin (Pagsulyap sa isang tao na hindi nito nalalaman)



## ***Karagdagang Gawain***


*Batid kong malalim na ang kaalaman mo sa mitolohiya at sa paghahambing. Sa pagkakataong ito'y paiigtingin pa natin ang iyong pagkatuto sa pamamagitan ng karagdagang gawaing pampananaliksik.*

Panuto: Panoorin ang *video* ng mitolohiyang "Sina Thor at Loki sa Lupain ng mga Higante" at suriin ito. Gamiting gabay ang mga sumusunod na mga katanungan. Ilagay ang iyong sagot sa sagutang papel.

- Bigyang puna ang *quality* ng pinanood na *video*. Malinaw ba ito?
- Nauunawaan ba ang *audio* nito? Malinaw bang naririnig ang mga diyalogo?
- May naidagdag ba o nabawas na tagpo? Tukuyin ito at kung ano ang naging epekto nito sa kabuoan ng kuwento.
- Napanatili ba ng *video* ang mensahe ng orihinal na kuwento?



*Lubos na Mahusay! Ang galing mo! Binabati kita sa matiyaga mong pag-aaral ng mga konseptong tinalakay. Alam kong nakapapagod maglakbay ngunit sulit naman dahil matagumpay mong natutuhan ang mga dapat mong malaman sa Mitolohiya ng Iceland at kung paano ito nagkaiba at nagkatulad sa ating sariling Mitolohiya, sa pamamagitan ng paghahambing. Ihanda mo ang iyong sarili sa kasunod na modyul –* ***Modyul 2 (Dula ng England)****.*



# *Susi sa Pagwawasto*

**PANGWAKAS NA PAGTATAYA**

A.

1. C
2. C
3. A
4. A
5. C

B.

1. Patay
2. Kilay
3. Bisig
4. Sulong
5. akyat
6. Bukid
7. Palaka
8. Panakip
9. Pagong
10. Nakaw

**PANIMULANG PAGTATAYA**

I.

1. A
2. B
3. C
4. B

II.

1. Panakip
2. Kilay
3. Bisig
4. Akyat
5. Nakaw
6. Bukid
7. Palaka
8. Patay
9. Pagong
10. Sulong

## Aralin 1.1

**Gawain 1: Balik-tanaw** *Iba-iba ang sagot*

**Gawain 2: Pag-unawa sa Binasa** *Iba-iba ang sagot*

**Gawain 3: Opinyon ko, Mahalaga** *Iba-iba ang sagot*

**Gawain 4: Diyalogo-kahulugan** *Iba-iba ang sagot*

**Gawain 5: Pangunahing Ideya, Tukuyin mo!** *Iba-iba ang sagot*

**Gawain 6: Paglinang ng Talasalitaan** *Iba-iba ang sagot*

**Gawain 7: Pag-unawa sa Binasa** *Iba-iba ang sagot*

**Gawain 8: Nalaman Ko!** *Iba-iba ang sagot*

# *Sanggunian*


1. Vilma C. Ambat, Ma. Teresa B. Barcelo, Eric O. Cariño, Mary Jane R. Dasig, Willita A. Enrijo, Shiela C. Molina, Julieta U. Rivera, RoselynT Salum, Joselyn C. Sayson, Mary Grace A. Tabora, at Roderic P. Urgelles. 2015. Filipino 10 Modyul para sa Mag-aaral. Pasig City: Vibal Group, Inc. pa. 169-177.
2. Guide to Iceland. “The History of Iceland”. Nahango noong Hunyo 3, 2020. https://guidetoiceland.is/history-culture/history-of-iceland#who-were-the-first-settlers
3. World History Encyclopedia. “Norse Mythology”. Last modified November 02, 2017. https://www.ancient.eu/Norse_Mythology/
4. Youtube. “Si Thor at si Loki.” Last modified August 25, 2021. https://www.youtube.com/watch?v=_bk7OQXq6PY
5. Realm of History. “15 Major Norse Gods, Goddesses, And Their Family Tree”. Last modified January 29, 2018. https://guidetoiceland.is/history-culture/history-of-iceland#who-were-the-first-settlers

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph